賽馬會
逆境同行食物援助計劃
Jockey Club Food Assistance Programme

Programang Tulong sa Pagkain ng Jockey Club (Jockey Club Food Assistance Programme)

Nang dahil sa pandemiya ng COVID-19 na nagdala ng hindi pangkaraniwang pagsubok sa pamayanan ng Hong Kong at nagdulot ng lumalaking kawalan at kakulangan ng trabaho, na may lumalagong pangangailangan sa tulong sa pagkain. Upang masuportahan ang lokal na komunidad, inaprobahan ng Hong Kong Jockey Club Charities Trust ang HK$240 milyong donasyon upang masimulan ang “Programang Tulong sa Pagkain ng Jockey Club”, kasabay ang anim na mga NGO at ang kasosyong CSR, upang magbigay ng napapanahong kaluwagan para sa higit 70,000 katao at mga pamilya na nakakaranas ng pinansyal na kahirapan sa pamamagitan ng iba’t ibang mga makabagong pagkukusa.

Ang Programa ay sumasaklaw sa apat na pagkukusa upang mapalawak ang abot at matugunan ang iba't ibang mga pangangailangan:

1. Serbisyong Mabilisang Pagkain;
2. Serbisyong Binalot na Pagkain;
3. Serbisyong Awtomatikong Dispenser ng Pagkain; at
4. Serbisyong Mainit na Pagkain

Serbisyong Mabilisang Pagkain

Ang paggamit ng itinatag na online na pamamaraan sa paghahatid ng pagkain ng isang kasosyong CSR, ang walong linggong serbisyong ito ay nagbibigay ng pagkain sa mga apektado ng novel coronavirus, lalo na, para sa mga taong hindi makalabas ng bahay o mga pamilya na hindi makapagluto sa bahay.

Serbisyong Binalot na Pagkain

Pagsisilbi sa mga pamilya ng masa, ang serbisyong ito ay nagbibigay ng binalot na pagkain na naglalaman ng bigas, pansit, de-lata at, mga voucher ng supermarket sa loob ng walong linggo. Ang mga binalot na pagkain ay maaaring iakma ayon sa iba't ibang mga pangangailangan sa nutrisyon, tulad ng para sa mga matatanda, sanggol at etniko minorya.

Serbisyong Awtomatikong Dispenser ng Pagkain

Sa mga awtomatikong dispenser ng pagkain sa iba’t ibang distrito, itong makabagong pagkukusa ay magbibigay ng naangkop na kakayahan sa koleksyon ng mga pagkaing lutuhing-malamig na sumusuporta sa mga may hindi regular na oras ng pagtatrabaho hanggang sa isang taon.

賽馬會
逆境同行食物援助計劃
Jockey Club Food Assistance Programme

Serbisyong Mainit na Pagkain

Ang serbisyo ay naghahandog ng mga libreng mainit na pagkain para sa mga indibidwal at mga pamilya na namumuhay sa kapaligirang may kakulangan, hanggang sa isang taon, inihanda ng mga kusina ng pamayanan.